Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-09 NG AGOSTO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 136-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT MARINGAL NA PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD – INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG BUMUBUO NG SANGGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NI KGG. NOEL G. PINEDA KAY G. KENNETH M. REYES MULA SA BARANGAY MABOLO SA KANIYANG IPINAMALAS NA HUSAY AT GALING SA LARONG BASKETBALL KUNG KAYA'T SIYA AY NAPABILANG SA NATIONAL BASKETBALL LEAGUE (NBL) – PILIPINAS, BULACAN REPUBLICANS.**

**AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**
**SA PAGTATAGUYOD NI: KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nagpapakita at nagpapahayag ng mataas na pagkilala sa mga manlalaro at atleta gayundin sa kanilang abilidad na makapagdulot ng pag-unlad sa komunidad at sa bansa;

Dagdag dito, naniniwala rin ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos na ang mga manlalaro at atleta ay may kakayahang kumilos bilang mga tagapagpasimula ng positibong pagbabago at maging tagpagsulong ng kagandahang asal at ugali katulad ng pagkakaroon ng disiplina sa sarili, pagtutulungan, at kahusayan para sa pagbuo ng pamayanang progresibo;

**SAPAGKAT,** ang National Basketball League (NBL) – Pilipinas ay isang malawakang paliga ng larong Basketball sa bansa na nagsimula noong Hunyo 2018. Tampok sa NBL – Pilipinas ang mga lokal at mahuhusay na manlalaro mula sa iba't ibang rehiyon sa bansa;

**SAPAGKAT,** dahil sa kaniyang ipinamalas na husay at galing sa Basketball ay napabilang si G. KENNETH M. REYES bilang isang manlalaro sa National Basketball League (NBL) – Pilipinas sa ilalim ng Bulacan Republicans Basketball Team kung saan siya ay maglalaro bilang kinatawan ng ating dakilang lalawigan;

**SAPAGKAT,** si G. KENNETH M. REYES, residente ng Barangay Mabolo, Lungsod ng Malolos, ay magsisilbing inspirasyon ng mga kabataang Maloleño at magbibigay sa kanila ng kumpiyansa at tiwala sa sarili upang higit pang hasain ang kanilang galing sa paglalaro ng Basketball o' sa anumang larangan ng Isports;

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ni G. KENNETH M. REYES, ay muling napatunayan na hindi lamang sa kagitingan, kabayanihan at katapangan makikilala ang dakilang lahi ng Maloleño, kundi maging sa larangan ng Palakasan o' Isports;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE<br>KASANGGUNI |

**SAPAGKAT,** marapat lamang na bigyan ng kaukulang pagkilala ang masikap na si G. KENNETH M. REYES dahil ang karangalan na kaniyang natamo ay karangalan din ng dakilang Lungsod ng Malolos at ng mga mamamayan nito;

**KUNG KAYA'T IPINASIYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na nagpapahayag ng taos-pusong pagbati at maringal na pagkilala ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sanggguniang Panlungsod sa pangunguna ni Kgg. Noel G. Pineda kay G. KENNETH M. REYES sa kaniyang kaniyang ipinamalas na husay at galing sa larong Basketball kung kaya't siya ay napabilang sa National Basketball League (NBL) - Pilipinas, Bulacan Republicans.

**IPINASIYA PA RIN,** na mabigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kaalaman at suporta.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

****KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDUARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
*wala sa panahon na pinagtibay ang Kapasiyahang Panlungsod
DhorieTrogo(SDC2)*08102021